

PROLOGUE

It's not the flowers wrapped in fancy paper, it's not the ring I wear around my finger..."

Pakanta-kanta si Maia habang pababa mula sa tree house na nasa malaking puno ng mangga sa resort na pag-aari ng kinikilalang ama. Doon siya madalas magpalipas ng oras habang nagbabasa ng romance novels na paborito niya. Nasa kalagitnaan na siya ng hagdanan nang di sinasadyang nagkamali ng tapak. Nadulas tuloy siya at nabitawan ang hawak na libro.

"Ayyy!" Napapikit na lang siya. Abot-abot ang kaba sa dibdib niya habang hinihintay ang pagtama ng kanyang likod sa buhangin.

Instead, she found herself held by a man's powerful arms. May nakasalo sa kanya. She opened her eyes to see the face of her rescuer. Kasabay ng pagmulat ng mga mata niya ay ang pag-awang ng mga labi niya.

The man was a stranger... and he had a scarred face.

Guest marahil ito sa resort. May malalaking guhit

ng pilat ang isang bahagi ng mukha nito.

She was scared and intrigued at the same time, lalo na nang magsalubong ang mga mata nila. She could see an unnamed emotion at the depths of his dark eyes. Na para bang hinihigop nito ang kaluluwa niya. Walang kurap ang mga mata nito na tila may nais ipahiwatig sa kanya. Nagrigodon ang puso niya dahil sa kakaibang nadarama. “Are you all right?” he asked, and his deep voice soothed her trembling heart.

Kakaiba ang dating sa kanya ng estranghero. He seemed to invade her entire being.

“Yeah,” tanging nasabi niya. Oh, my! Ano ba ang nangyayari sa kanya?

Itinayo siya ng lalaki sa buhangin. Kasabay niyon ay ang pagdating ng Papa Luis niya.

“There you are!” masayang sabi nito. “Hija, magkakilala na ba kayo ni Alex?”

“Not yet, Papa,” sabi niyang pilit pinakakalma ang sarili. Nanginginig siya sa epekto ng mga titig ng lalaki. So, Alex pala ang pangalan nito.

“Hija, this is Alexander Santiago, my new business partner. Alex, I’d like you to meet my daughter, Maia,”

ani Luis.

“It’s an honor to finally meet you, Maia,” saad ng lalaki.

Napaigtad siya nang hawakan siya nito sa kamay at gawaran ng halik sa pisngi. His lips were surprisingly warm. And that warmth sent shivers down her spine. Ano ba ang mayroon sa lalaking ito para makaramdam siya ng ganoon?

“It’s an honor for me, too,” she managed to say.

“Maia, Anak, mauuna na kami ni Alex sa bahay, may pag-uusapan pa kami tungkol sa negosyo,” anang Papa niya. “Sumunod ka na, okay?”

“Yes, Papa. See you later,” sabi niya at hinalikan ito sa pisngi.

“See you around, Maia,” Alexander said, his eyes scanning her—from head to foot.

Ano kaya ang gagampanang papel nito sa buhay nilang mag-ama? Sa buhay niya? Malakas ang tibok ng puso niya habang sinusundan ang dalawang lalaking papalayo. Marahas siyang napabuntong-hininga.

What was happening to her? Ipinilig niya ang ulo para palisin ang iniisip. Mayamaya’y pinulot niya

Forever Is Ours - Kizza Grace

ang libro.

1

Nagtatangal ng alikabok sa mga lumang libro si Maia sa loob ng library sa bahay ng ama-amahang si Luis Abella nang marinig ang pagtigil ng isang sasakyan sa tapat ng gate. Tumigil siya sa ginagawa at sumilip sa glass window. She was alarmed as the tall figure of Alexander Santiago entered the gate without invitation.

Si Alex—ang business partner ng Papa Luis niya.

Iniwan niya ang ginagawa at dali-daling lumabas ng library para salubungin ito. Bago pa man makakatok sa pinto ang lalaki ay binuksan na niya ang main door at sinalubong ito sa porch.

“Good morning, Maia,” walang kangiti-ngiting bati nito.

“Good morning,” ganting bati niya.

Kahit madalas nilang bisita ang lalaki, ay hindi pa rin siya komportable sa presence nito. Sa tingin niya ay lampas treinta na ang edad nito.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi nang masilayan ang kaliwang bahagi ng mukha ni

Alexander. Naroon pa rin ang mga pilat nito. Surely, sa yaman nito, hindi kuwestyon kahit gaano kamahal ang abutin ng constructive cosmetic surgery. And he was definitely a beautiful man. Kahit nga may mga pilat ang mukha nito ay...

Ano kaya ang dahilan kung bakit napinsala ang bahaging iyon ng mukha nito? The other side of his face was undeniably attractive.

“I hope that you are in good health, Maia,” sabi nito na diniinan pa ang pagbigkas sa pangalan niya.

She cringed whenever he would say her name like that. Sa tuwing nasa iisang silid sila nito ay hindi siya mapakali na para bang may kung anong enerhiyang namamagitan sa kanilang dalawa na napakahirap iwasan.

“Mr. Santiago, wala dito ngayon si Papa. Umalis siya papuntang Culasi.”

“Alam ko. Hindi siya ang dahilan kung bakit ako narito,” sabi nito at matiim siyang tinitigan. “I came to see you.”

Nagulat siya. Ano naman ang posibleng sadya nito sa kanya? Ni hindi nga siya kinakausap nito kapag dinadalaw nito ang papa niya.

“P-pero wala akong alam sa negosyo, Mr. Santiago.” Hindi niya alam kung bakit kinakabahan siya.

“Bakit hindi muna tayo umupo? Malapit ko nang isipin na gusto mo akong takbuhan palayo.” Iminuwestra nito ang magkaparehang upuang gawa sa yantok at kawayan.

“I can only give you a few minutes,” she said stiffly. “Magluluto pa ako para sa pananghalian. Mayamaya ay darating na si Papa.”

“Gustung-gusto ko ang lugar ninyo dito,” sabi nito nang makaupo. “It’s brilliant of Luis. A house overlooking the beach, sa amin kasi, madalas ay malamig ang panahon. The sun shines brighter here than in our place.”

“Talaga?” tanong niya, bagaman walang inclination na magtanong kung saang lugar ang tinutukoy nito.

He disturbed her, especially now that they were alone. Gusto niyang sabihin na nito ang sadya sa kanya para makaalis na ito.

“Come on, Maia,” he said in a mocking tone, “don’t be shy, ask me outright what I’m doing here.”

“Sa tingin ko, gusto mong makinig ako sa kung anumang sasabihin mo. I’m willing to listen.”

“I am a widower,” simula nito. “My wife, Helena, died when she gave birth to our son. I transferred all my love and hope to that small boy. Si Jayden, ang anak ko, isa siyang matalino, mabait, at masayahing bata. Punung-puno ng buhay. A year ago, may isang lasing na bumangga sa sasakyan ko habang natutulog sa tabi ko si Jayden.” He paused, as if to let the words sink in. “Binangga kami ng taong ’yon at iniwang nakabaligtad ang sasakyan ko na nilalamon ng apoy.”

Natuon ang mga mata niya sa bahagi ng mukha nito na may mga pilat. Kung gayon mga marka ng apoy ang nakikita niya. Mga markang aminin niya o hindi ay may hatid na kakaibang karisma sa pagkatao nito.

“Na-trap kami ni Jayden sa loob ng sasakyan,” patuloy nito. “Para akong baliw na pilit na sinisira ang bintana para makalabas ang anak ko. The petrol tank exploded. If that reckless criminal had at least stopped to help us, my son might be alive today!”

Hindi kayang ma-imagine ni Maia ang pagkamatay ng isang paslit sa ganoong paraan. It was horrible. Naaawa siya sa inosenteng bata dahil sa malagim na sinapit nito. Ngayon, may explanation na kung

bakit ni minsan ay hindi niya nakitang ngumiti si Alexander. Kahit siguro siya ay hindi na muling makakangiti kung nangyari sa kanya ang trahedyang naranasan nito. Nawalan ito ng mga minamahal, at sa pinakamasakit pang paraan.

“At alam mo ba kung sino ang lasing na bumangga sa amin nang gabing ’yon?” marahas na tanong nito. “Si Marvin Abella.”

“What?” Gulat na gulat siya.

Marvin Abella—her stepbrother. Hindi niya inaasahang mai-involve ang nag-iisang anak ni Luis Abella sa ganoong krimen. Ni minsan ay wala itong binanggit sa kanila tungkol doon. Sabagay, hindi namamalagi si Marvin sa resort at madalang itong magparamdam. Ang totoo, hindi nila alam kung nasaan ito ngayon.

“Yes, you heard me right. Marvin Abella caused the death of my son.” Punung-puno ng sakit at galit ang tinig nito. “Jayden was three years old. He was Helena’s last gift of love to me. The son who would have inherited my land and my properties, and carried on my name. Honor means a lot to my family, and so I believe, for men like Luis Abella.”

“Ano ang gusto mong mangyari?” tanong niya

nang makabawi sa pagkagulat. “You mean, gusto mong sabihin kay Papa na lasing si Marvin habang nagmamaneho at nabangga niya ang sasakyan mo? You can’t do that!” Tumayo siya. “It would kill him. Malaki ang paniniwala niyang responsable at mabait na tao si Marvin.”

“Sa lugar namin, kahit simpleng atraso lang ay binabayaran ng pamilya ng nakaatraso. At palagay ko, pareho kami ng paniniwala ni Luis, na kapag nagkasala ang isa sa pamilya, nadadamay ang buong mag-anak.”

“Nakikiusap ako, Mr. Santiago. Naiintindihan ko kung gaano kasakit ang nangyari sa ’yo. Pero huwag mong sabihin ito kay Papa. He would be terribly disappointed. Mahal na mahal niya si Marvin.”

“Sa loob ng mahabang panahon, inisip ko kung ano ang makatarungang kabayaran mula sa pamamahay na ito para sa nangyari sa anak ko—and today I have the answer.”

“Sasabihin mo kay Papa?”

“It depends, Maia.”

“Depende saan?” Bigla siyang naging interesado. It was her ultimate responsibility to secure her adoptive father’s well-being.

“If you will marry me,” Alexander said quietly. “And give me a son.”

Tama ba ang naririnig niya? Hindi siya makaapuhap ng sasabihin na para bang naputol ang dila niya. She was quiet for a minute or two, trying to understand what the man had just said.

“You can’t be serious!” she shouted. “It’s crazy. Hindi ako magpapakasal sa ’yo!”

“You think not? Love will force you to marry me.”

“Sa tingin mo ba mamahalin kita?” Nanginginig ang boses niya.

“No, I have no illusions on that score,” he mocked. “Pero, mahal mo si Luis. Ayaw mong saktan siya, di ba?”

“You are very cruel, Mr. Santiago!” Emotional blackmail ang ginagawa nito. Dahil alam nitong kahit ano ay kaya niyang gawin para sa papa niya.

“I never used to be, Maia. A man named Marvin Abella made me so.”

“Ano ang makukuha mo, Mr. Santiago, sa pagpapakasal sa isang babaeng hindi ka mahal? Paano kung sabihin ko sa ’yo na may iba akong mahal?”

“Walang binabanggit si Luis na boyfriend mo. Bakit, mayroon ba?”

“It’s none of your business,” depensa niya.

“Kung gan’un, bilang magiging asawa ko, kailangang kalimutan mo na kung sinuman siya.”

“Pipilitin mo talaga akong magpakasal sa ’yo?” Bigla siyang nakaramdam ng kaba at takot sa posibleng mangyari. Ano ang magiging buhay niya sakaling mangyari ang gusto nito?

“Sa loob ng ilang beses na pagdalaw ko rito ay marami akong nalaman tungkol sa ’yo, Maia. Ang pagmamahal at debosyon mo kay Luis, itinuturing mo siya na parang tunay na ama. Devotion is something I admire in a woman. I can accept loyalty in place of love.”

“You can’t do this to me. This is ridiculous. Pinlano mo ang lahat—ang makipagsosyo kay Papa—dahil may balak kang saktan siya,” panunumbat niya. “Mr. Santiago, alam mo na kailan lang ay inatake siya sa puso. Ngayon gusto mo pang dagdagan ang karamdaman niya? And you are destroying my life.”

“We all build dreams. It is a pity I must knock down yours in an effort to rebuild mine.” Tumayo ito. “I have to go now. Please ask Luis to be available to

see me tomorrow at noon. Marapat lang na hingin ko sa kanya ang kamay mo. *Adios.*” At tumalikod na ito, ni hindi man lang siya binigyan ng pagkakataong muling makapagsalita.

Parang naubusan ng lakas na naiwan si Maia. Ano ang gagawin niya? Hindi niya maaaring sabihin sa papa niya ang tungkol sa aksidenteng kinasangkutan ni Marvin. Hindi niya kayang bigyan ng sama ng loob si Luis Abella. Sinabi ng doktor na delikado iyon sa kalusugan nito.

Naisip niya ang nangyari sa anak ni Alexander, at nanlamig siya. Ang pagkawala ng anak nito ay nagdala ng labis na kalungkutan at pait sa lalaki, na siya ring dahilan kung bakit napopoot ito ngayon.

Kailangang magbayad ang mga Abella. And she had been chosen because she could give him another child... another son.

2

Nag-uumaga na pero hindi pa rin natutulog si Maia. Maraming gumugulo sa isipan niya, pero iisa lang ang ugat ng lahat ng iyon. Si Alexander Santiago at ang nalalapit nilang pagpapakasal. Nagkausap na ito at ang papa niya. Napagkasunduan na ng dalawa ang lahat ng detalye para sa kasal. Tuwang-tuwa si Luis nang hingin ni Alexander ang kamay niya. Botong-boto ito sa lalaki. Hindi nito alam ang sirkumstansya sa likod ng pagpapakasal nila. Hindi naman niya kayang saktan ang damdamin nito. Malaki ang utang na loob niya rito. Kahit pa buong buhay niya ay hindi sapat para maging kabayaran sa lahat ng pag-aaruga nito sa kanya.

Biniro siya ng papa niya, matagal na umano nitong napapansin ang mga makahulugang sulyap sa kanya ni Alexander. Ngiti na lang ang itinugon niya. Wala itong kaalam-alam sa takot na nasa puso niya. Takot sa pagiging bagong asawa ni Alexander Santiago.

Wala na siyang magagawa pa kundi ang pumayag. She could not afford to hurt Luis Abella. Handa siyang isakripisyo ang sariling interes para

sa kapakanan ng taong nag-ahon sa kanya mula sa dating buhay.

Lumaki siya sa kalsada. Wala siyang alam sa kanyang nakaraan, o kung sino ang kanyang tunay na mga magulang. Namulat siya sa mundong pakalat-kalat sa mga lansangan at bangketa. Ni hindi niya alam ang tunay niyang pangalan. Tinatawag lang siyang Nene ng mga batang kasama niya noong nagpapalimos sa kalye.

Nakilala niya si Luis Abella nang minsang nagsimba ito kasama ng asawa at anak na lalaki sa simbahang palagi niyang tinatambayan para makapanglimos. Siguro nga ay ipinadala ito ng langit para kumupkop sa kanya at mabigyan siya ng bahay na masisilungan at pamilyang matatawag. Laking pasasalamat niya nang kinupkop siya ng mga Abella at itinuring na isang tunay na anak. Mabait ang mag-asawa pati na ang anak ng mga itong si Marvin. Kahit kailan ay hindi siya nakaramdam na ibang tao siya sa mga ito. Inalagaan at pinag-aral siya ng mag-asawa. At binigyan siya ng pangalan: Maia Louise Abella.

Graduating siya sa high school nang mamatay ang Mama Stella niya, ang asawa ni Luis. Namatay ito kasama ng isang pamangkin sa isang vehicular accident. Mula noon ay naging matamlay at sakitin

na si Luis.

Labis ang pangungulila nito sa namayapang asawa. Naging mahina ang kalusugan nito na naging sanhi ng pagpapabalik-balik nito sa hospital.

Si Marvin ay napariwara dahil sa maling barkada, kaya nadagdagan pa ang depression ni Luis. Ginawa ni Maia ang lahat ng makakaya para manumbalik ang dating Luis Abella. Nang makapagtapos siya ng college ay nagdesisyon siyang maging personal assistant nito sapagkat hindi maaasahan si Marvin na hindi nagpipirmi sa bahay. Madalas itong bumibiyahe at naglulustay ng pera ng ama. Mabuti na lamang at mapagkakatiwalaan ang mga taong namamahala sa negosyo ng mga ito kaya hindi tuluyang nalugi ang mga iyon.

Natutuwa siya sa unti-unting pagbangon ni Luis mula sa depression na kinasadlakan pagkatapos ng maraming taon. Madalas nang tumatawa ito at nakikihalubilo sa ibang tao. At noong nakaraang buwan ay masayang ibinalita nito sa kanya na may bago itong kasosyo sa negosyo. Si Alexander nga. Malaki ang pasasalamat niya sa lalaki sa kabila ng lahat. Ito ang naging dahilan ng bagong inspirasyon ng ama.

Napalagay ang loob ni Luis na mapangangasiwaan

nang mabuti ang mga negosyo nito, lalo na ang resort. Gayunman, hindi lubos ang pasasalamat ni Maia. Dahil may kapalit ang tulong ni Alexander. He was one ruthless fiend. And she was bound to marry that monster.

Ngayon, alam na niya kung ano ang naramdaman niya nang unang makaharap ito—takot. Lalo na nang makita niya ang bahagi ng mukha nitong napinsala ng apoy. Kaya kapag pumupunta ito sa bahay nila ay humahanap talaga siya ng paraan para makaiwas dito, lalo pa at madalas niyang nahuhuling nakatingin ito sa kanya.

Pero kailangan niyang isaisantabi ang sarili para sa taong pinagkakautangan niya ng lahat.

Idinaos ang kasal nina Alexander at Maia sa bahay ni Luis Abella. Isang judge ang nagkasal sa kanila at dinaluhan lamang ng iilang tao ang pagtitipon. Mga taong malalapit na kaibigan ng papa niya. Luis was the picture of a proud father. Wala itong kaalam-alam sa totoong nangyayari.

Hindi niya kailangang hulaan ang damdamin ni Alexander dahil alam niyang palabas lang ang lahat ng iyon. Kung may isang taong naiipit sa sitwasyon,

walang iba kundi siya. Hindi bale nang isangkalan niya ang sarili para sa mga taong mahal niya. Handa siyang gawin ang lahat huwag lang masaktan ang papa niya.

“Ma’am Maia,” saad ng papalapit na kasambahay. “May gustong kumausap sa inyo sa telepono.” Iniabot nito ang cordless phone.

“Sino raw?” tanong niya, at sinulyapan si Alexander na kausap ng papa niya at ng judge na nagkasal sa kanila sa di kalayuan.

“Hindi po sinabi ang pangalan,” sagot ng kasambahay.

“Sige, papanhik muna ako sa kuwarto ko. Pakisabi na lang kay... Papa kung hahanapin niya ako.”

Tumango ang katulong at tumalikod na.

Nakakunot ang noo niya habang paakyat sa hagdanan. Hindi niya maisip kung sino sa mga kaibigan niya ang tatawag para batiin siya. Wala ni isa sa mga ito ang sinabihan niya tungkol sa biglaang pagpapakasal. Siguro, kung normal na sirkumstansya ang pagpapakasal niya at mahal niya ang lalaking pinakasalan, baka naibalita pa niya sa buong mundo ang okasyon.

But she could never love a man like Alexander Santiago. Never. Hindi pa man sila naikakasal ay isinumpa na niya sa sariling kahit kailan ay hindi niya ito mamahalin. Paano niya mamahalin ang isang lalaking nagkulong sa kanya sa isang kasunduang ito lang ang makikinabang?

She was his wife now. His property. *Mrs. Maia Louise Santiago*. She flinched. Ini-lock niya ang silid at sinagot ang tawag.

Si Marvin ang tumawag. Pauwi raw ito sa kanila, parating na ang sinasakyan nitong bus. She had to warn her stepbrother to keep his secret, as she had kept it from Luis. May pakiramdam siyang hindi sila makakapag-usap nang maayos sa bahay kaya sinabi niya na sasalubungin niya ito sa terminal.

Aalis sila ni Alexander bukas ng umaga para sa kanilang honeymoon. Napaismid siya. Honeymoon was for people who were in love. Hindi sila iyon.

Mabilis niyang pinalitan ang isinuot na bestidang pangkasal at maingat na lumabas ng silid. Naririnig pa niya sa pasilyo ang tawanan ng mga bisita sa ibaba. Tahimik ang mga hakbang niya habang pababa ng hagdanan at taimtim siyang nagdadasal na sana ay

walang makapansin sa kanya. Sa kusina siya dumaan palabas ng bahay.

Umaambon sa labas. Hindi na niya gagamitin ang kotse dahil tiyak na mabubuking siya kapag ginawa niya iyon. Mag-aabang na lang siya ng masasakyan sa labas. Marami namang dumaraang pampasaherong jeep.

“Maia!” Malapad ang ngiti ni Marvin habang pababa ng bus. Tinakbo nito ang pagitan nila at mahigpit siyang niyakap. “You look so beautiful, little witch!” biro nito at matunog siyang hinalikan sa pisngi. Lumaki sila na malapit sa isa’t isa.

Hindi siya makapagsalita. Nakatingin lang siya sa lalaki. Ilang buwan rin silang hindi nagkita nito. She could not believe he could be so reckless, that he was the cowardly drunk that caused the death of one innocent boy.

“You really look great. Ang ganda mo talaga! Kumusta si Papa?”

“Marv,” halos pabulong niyang pahayag, “kailangan nating mag-usap.”

“You look serious. Bakit, may sakit na naman ba

siya?”

“No. He’s better than he’s been for a long time. Actually, nakabalik na siya sa pamamahala ng resort. You’re looking well yourself.”

“Thank you. I’ve never felt better.” Inakbayan siya nito at lumakad sila patungo sa direksyon ng taxi stand. “Your eyes are not smiling. Is something wrong?”

Hindi siya sumagot. Nauna siyang pumasok sa nakapilang taxi, at sumunod si Marvin. She felt Marvin’s eyes on the rings on her finger.

“Bago yata ang mga singsing na ’yan?”

She sighed. “I planned to tell you that I was getting married, pero hindi kita ma-contact,” she said passively while looking outside the car’s window.

“Married?” Tumaas ang isang kilay nito, sinisiguradong hindi siya nagbibiro.

Hindi na siya nag-atubiling sabihin dito ang lahat ng nangyari. Marvin sat beside her, stunned.

“Hindi ka dapat nagpakasal sa kanya,” anito matapos siyang magsalita. “Sasabihin ko kay Papa ang kasalanan ko.”

“No, Marv, hindi makakabuti ’yon. Kung gusto mong humingi ng tawad, si Alex ang dapat mong kausapin. Bakit kailangan mo pang sabihin kay Papa? It’s too late. Kasal na ako kay Alexander Santiago. Kailangang matiyak nating hindi sasama ang loob ni Papa, do you hear me? Aalis na kami bukas ng umaga ni Alexander. Sasama na ako sa kanya.”

Ang alam niya ay taga-Aklan ang napangasawa. She had been to Aklan a number of times, pero sa Kalibo lang at Boracay. Hindi niya alam ang eksaktong tirahan ni Alexander.

“With a man you don’t love?”

“Sinabi ko bang hindi ko siya mahal?” Nakayuko ang ulo niya, hinahaplos ng hinlalaki ang wedding ring.

Iniangat nito ang mukha niya. “Kilala kita, Maia. Your eyes are very expressive when you’re happy. Di ba, noon—”

“Huwag na nating pag-usapan ang nakaraan,” pigil niya sa sasabihin nito. “Wala kang sasabihin kay Papa tungkol sa nangyari sa pagitan ninyo ni Alex. Hindi na maaaring ibalik ang buhay ng anak niya. Ipinangako niya sa akin na wala siyang sasabihin kay Papa.”

“Pero pinilit ka niyang magpakasal sa kanya,” himutok nito. Pagkuwa’y, “Huwag kang mag-alala, may annulment naman. Gagawin natin ang lahat mapawalang-bisa lang ang kasal ninyo. Do you think I’ll let you stay with a man who forced you into marrying him? Do you think Papa would agree to this if he knew the truth?”

“Papa must never know, Marvin! Hindi kakayanin ng puso niya.”

“You mean we’re both trapped? Kailangang dalhin ko sa konsyensya ko ang nangyari?”

“I told you, puwede kang humingi ng tawad kay Alex kung gusto—”

“No! Kinuha ka niyang kabayaran. Hindi ako hihingi ng tawad sa—”

“Sa tingin mo ba,” pinayapa niya ang tumaas na tinig, “sa tingin mo ba ikaw lang ang nagdurusa? Alexander Santiago is scarred inside and out.”

Hindi ito nakasagot. Nakita niyang naluluha ang lalaki.

“Hindi ko alam ang magiging reaksyon ni Alex kung magkikita kayo ngayon. Tumuloy ka muna sa hotel hanggang bukas ng umaga. Saka ka na umuwi

kapag nakaalis na kami.”

Tahimik na tumango ito.

“He’ll kill you when you get back,” sabi ni Marvin habang nasa loob sila ng hotel room nito.

Sinamahan niya ito sa pag-check in, iniisip kung kukumbinsihin ito na humingi ng tawad kay Alex. Baka magbago ang sentensya niya kung gagawin iyon ng kapatid. Pero paano nga kung hindi?

“No, he won’t,” she answered. Napatingin siya sa wristwatch niya.

Pero tama si Marvin, tiyak na magagalit sa kanya si Alexander dahil sa pag-alis niya nang walang paalam. Mag-a-alas cinco na ng hapon. Sinadya niyang huwag dalhin ang cell phone niya para hindi siya mahanap ng mga tao sa bahay nila, lalo na ni Alexander. Sinabi lang niya kay Marvin sa telepono na hintayin siya nito sa terminal ng bus bago siya umalis kanina, para tiyak na hindi sila magkasalisi.

“Yes, I must go home,” she said. “Marvin, i-promise mo sa akin na kahit ano pa ang mangyari, wala kang sasabihin kay Papa. It would be too much for him to bear.”

Bumuntong-hininga ito. “Pero paano ka? Ano’ng magiging buhay mo sa piling ng lalaking ’yon?”

“I’ll be all right.” Tumayo siya at dinampot ang wallet niya bago tinungo ang pinto. “Ang sabi nila, suwerte raw ako kay Alex. He’s filthy rich and a big noise in Aklan. I’m his wife, so maybe I own half of all his properties.”

“As if any of that matters to you,” Marvin scoffed. “Ikaw ang pinakamabait na taong nakilala ko sa buong buhay ko, Maia. You are not selfish and materialistic.”

“Hindi rin ako anghel, Marvin,” pabirong sabi niya, hindi alam kung kaninong loob ang pilit na pinagagaan. “By the way, Yvette Ortiz is still single and pretty as a love song. Remember how well you always liked her? Naroon siya sa kasal ko kanina. Tinanong ka niya sa akin.” Iyon lang at tumalikod na siya.

Sumakay siya ng taxi pauwi sa bahay nila. Kasing-lamig ng bato sa singsing niya ang kanyang mga mata. Handa na siyang harapin ang lahat. Kahit pa ang galit ni Alexander Santiago.

3

Nang makapasok siya ng bahay ay wala na ang mga bisita. Ang tanging naiwan ay ang mga bulaklak at iba pang tanda ng nangyaring kasalan kanina. Patungo na si Maia sa hagdanan nang mula sa pinto ng library ay lumabas si Alexander. He came toward her, dark-suited, black-browed, anger in the hands that caught her shoulders.

“Saan ka nanggaling?” matigas ang boses na tanong nito.

Hindi siya nagsalita at kahit diniinan pa nito ang paghawak sa magkabilang balikat niya ay sinabi niya sa sariling hindi siya magpapadala sa kaba at takot na nararamdaman niya.

“Sinabihan ko na lang ang mga bisita na sumama ang pakiramdam mo. You have to know that deceit is something I dislike, Maia,” patuloy nito.

“Really?” she asked mockingly. She looked at him and wondered what name they could give to their marriage. “Alam mo ba ang tungkol sa bridal jitters? I had them, at sa tingin ko kailangan kong mag-unwind kahit sandaling panahon lang, kaya umalis ako.”

Binitiwang siya nito. “Ilang oras kang nawala. May karapatan na akong malaman kung saan ka nagpunta.”

“Naglakad-lakad lang,” sabi niya na hindi kayang tumingin sa mga mata nito. Ibinaling niya ang tingin sa bukas na pinto ng library. “Nasaan si Papa?”

“Nasa library. He’s worn out, and he’s worried about you.”

Bigla siyang nakonsyensya. Ang masaktan ang damdamin ng ama ang pinakahuling bagay na gusto niya. Akma siyang lalakad patungong library nang pigilan siya ni Alex sa braso.

“Lalaki ba ang kasama mo buong panahong wala ka?”

Muli siyang hindi nakasagot. Hindi niya maaaring sabihin dito na nakabalik na ng Roxas City si Marvin at ito ang kasama niya kanina. Baka isipin pa nito na si Marvin ang lalaking mahal niya. And his twisted mind might suggest that she harbored romantic feelings for her adoptive brother. Siyempre, alam nitong hindi sila magkadugo ni Marvin. Pinalakas niya ang loob. “Nahihiya ka ba sa mga bisita na sa mismong araw ng kasal mo ay iniwan ka ng bride mo?”

Matalim siyang tinitigan ng lalaki, pero sinalubong niya ang mga mata nito. Naramdaman niya ang paghigpit ng paghawak ng kamay nito sa braso niya, para bang may balak itong baliin ang mga buto niya.

“You have a lot to learn about me. Iniisip mo bang dahil palaban ka ay isosoli na lang kita sa papa mo?”

“You hardly look as though you enjoyed having to make thin excuses to our wedding guests. Siguro nga nagtataka sila.”

“Inasahan ko na 'yon simula pa lang. They're thinking you married me for my money. Bakit hindi? Sinong magandang babae ang magpapakasal sa mukhang 'to?” Hinawakan ni Alex ang isa pa niyang kamay at inilapit sa mukha niya ang mukha nito.

Gusto niyang itulak ito. Siguro, nahalata iyon ni Alex dahil mas hinigpitan nito ang paghawak sa kamay at braso niya, at mas inilapit pa ang mukha sa kanya.

“Tingnan mong mabuti ang mukha ko,” paanas na saad nito. “Masanay ka nang titigan ito dahil habang-buhay mo na akong makakasama.”

And then he kissed her, and it was the first time she had felt his lips on hers. He only kissed her on the cheek after the wedding ceremony. His kiss was

hard and possessive... a kiss without a promise of tenderness in it.

“You kiss like a cold stone,” he said softly, his lips above hers. “As if you have ice in your veins, but there’s fire in your eyes. Let us hope that the cold weather in my home will make you run for cover under the sheets of my warm bed.”

“Ibinigay ko na sa ’yo kung anuman ang makakaya ko.” Pilit niyang pinatatag ang boses. “If you wanted warmth—if you wanted love, sana hindi mo ako pinilit na magpakasal sa ’yo.”

Binitawan siya nito at tumalikod. Nang paakyat na ito ng hagdanan ay nilingon siya nito.

“Ayusin mo na ang mga gamit mo at aalis na tayo after an hour. Huwag mo akong tingnan ng ganyan, my sweet wife. Our honeymoon begins in Aklan, not here.”

Napamaang siya nang tuluyang ma-absorb ng utak niya ang ibig sabihin nito. “You mean...”

“Yes, ngayong gabi tayo aalis.”

Pagod na pagod ang pakiramdam niya at gusto niyang umiyak. “Gusto ko munang makausap ang Papa,” sabi niya at tinalikuran na ito. Tinungo niya

ang library.

Nagbabasa ang ama ng isang lumang libro nang pumasok siya sa library.

“Maia, Anak,” nakangiting sabi nito. Kaagad siyang lumapit at niyakap ito. Naaalala niya ang kabataan niya, ang araw na una silang nagkita nito. “Alex was upset,” the old man murmured. “Huwag mo na ulit gagawin ’yon. Hindi ka dapat na umaalis nang hindi nagpapaalam sa asawa mo. You are a married woman now, you know.”

“Yes, Papa,” sagot niya at ginawaran ng halik ang noo nito.

“Sigurado ka bang magiging masaya ka sa piling ni Alex?”

Naramdaman niya ang pag-aalala sa tinig nito. Bakit biglang-bigla yata ay nagkaroon ng alinlangan ang kanyang ama-amahan? Kailangang mapanatag niya ang kalooban nito.

“Happiness is the reason why I married him.” She tightly closed her eyes.

She loved and respected Luis. Hangga’t maaari ay ayaw niyang magsinungaling dito. Bukas, uuwi na si Marvin at magkakasama na ang mag-ama. Sapat

nang konsolasyon iyon sa kanya.

Napakatarik ng daan na tinatahak nila. Palikoliko pa iyon kaya hindi maiwasan ni Maia ang kabahan habang nasa loob ng sasakyan. Hindi siya tumitingin sa labas ng bintana dahil nalulula siya sa dinaraan nila. Lalo pa at umuulan. Nakadagdag iyon sa kabang nararamdaman niya.

Tahimik siyang nakaupo sa tabi ni Alexander habang nagmamaneho ito. Ilang ulit niyang ipinikit ang mga mata para huwag makita kung gaano katarik ang daan.

“I am sorry your first sight of my home is spoilt by the rain,” narinig niyang saad ni Alexander. “Libacao is one of the most scenic parts of Aklan when the sun is up.” Parang travel agent ito na kinukumbinsi siya na sa pamamagitan lang ng sikat ng araw ay magugustuhan niya ang tirahan nito.

She could never love this alien place.

Napakalayo nito sa bahay nila, napakalayo sa papa niya. Pilit niyang pinaglabanan ang homesickness na nadarama.

“Alam kong pagod ka. Ilang minuto na lang, nasa

bahay na tayo,” patuloy nito.

“Totoo bang malawak ang lupang pag-aari mo dito sa inyo?”

“Ayos lang,” he answered, suppressing a smile. “Ang mga taong nagtatrabaho sa lupa ko ay mga kamag-anak o descendants ng mga taong nagtrabaho mula pa noon sa mga ninuno ko. Hindi madali para sa mga tao rito na tanggapin ang pagbabago. Parang may pattern ang buhay dito sa *Villa Santiago*.”

Inilayo niya ang mga mata rito at ibinaling sa labas ng bintana ang paningin. He talked as if she were a happy, eager bride who couldn’t wait to see her new home. He seemed not to care at all that she was lonely and afraid, married to a man who didn’t love her. At wala itong pakialam na hindi niya ito mahal.

Makalipas ang ilang minuto ay dumating na sila sa ancestral house ng mga Santiago.

“Welcome to your new home,” ani Alexander, at inalalayan siya sa pag-ibis sa sasakyan.

Mabibilis ang mga hakbang ni Maia patungo sa main door. Nanginginig siya dahil sa lamig ng panahon, pero ayaw niyang ipahalata iyon sa lalaki. Bumukas ang malaking pintuan. Kasabay ng pagdagundong ng kidlat ay pumasok siya sa bahay,

kasunod si Alexander. Namangha siya sa nabungaran.

The house revealed antique furnitures, and somber-eyed portraits on the paneled walls. She then knew the significance of a son to Alexander. This was his legacy. Kailangan nito ng anak upang maipasa iyon.

“So this is the bride?”

Napapitlag si Maia nang marinig ang isang tinig, lumingon siya. Isang matandang babaeng nakasuot ng itim na mahabang bestida ang nakaupo sa isang malaking silya.

Nakatutok ang mga mata nito sa kanya, walang kangiti-ngiti sa pagbati nito. Pakiramdam niya ay pinag-aaralang mabuti ng matanda ang pagmumukha niya, kung karapat-dapat ba siyang maging bahagi ng pamilyang ito.

“Ilang taon na siya?” Kay Alexander ito nakatingin. “Mukhang napakabata pa niya.”

Alam ni Maia na mas mukhang bata siya kaysa sa edad na beinte-tres.

“Let me introduce you to my grandmother,” ani Alexander. Kinuha nito ang kamay niya at iginiya siya palapit sa abuela. “Grandma, this is Maia, my

new wife. Maia, this is my grandmother, Kristina Santiago.”

“Good evening ho,” bati niya, at lumapit siya para halikan ito sa pisngi.

Kristina Santiago did not look or sound friendly. Siguro ay iniisip nito ang unang asawa ni Alexander. Si Helena.

“You will excuse me.” Tumayo ang matanda. “Buong araw ay ako ang namahala sa paghahanda sa pagdating ninyo at sa paglilinis ng buong kabahayan. Pagod ako. Hindi na ako makakasabay sa inyo sa hapunan. Kayo na ang bahala dito.”

“Grandma, please have dinner with us,” Alexander said. Pero may bahid ng galit ang tinig nito.

“Hindi pa ako nag-uulyanin para hindi maintindihan na ang mga bagong kasal ay mas gustong mapag-isa. I am sure your bride will prefer to have you all to herself, Apo.” Tinapunan siya nito ng makahulugang tingin. Hinaplos ng mga daliri nito ang nasunog na bahagi ng mukha ni Alexander.

Inalalayan ng lalaki ang lola nito sa pagpanhik sa hagdanan. Sinundan lang niya ng tingin ang mga ito. Ngayon pa lang ay halata na niya ang disgusto sa kanya ng matanda.

“Huwag mong pansinin ang mga pasaring ni Lola,” sabi ni Alexander nang makabalik ito. “Nagagalit siya sa akin sa hindi ko pagpili ng mapapangasawa na tagarito, kaibigan ng pamilya. The Santiagos are clannish and very proud.”

“Sa pagpapakasal mo sa akin, tatlong tao ang ginawa mong malungkot. Ang lola mo, ako, at ikaw.”

Hinarap siya nito. Nanlamig ang katawan niya nang maramdaman ang banayad na paghaplos nito sa kanyang braso. “What makes you think I am unhappy? Gusto kong malaman mo, that I find you attractive with your dark hair and peaches and cream complexion. And do you know, your eyes are the color of magic.”

Parang may humaplos sa puso niya dahil sa pagpuri nito. Sincere ba ito sa mga sinabi?

“Hindi ba talaga importante sa ’yo ang damdamin ko?” Pinigilan niya ang tuwang bumangon sa kanyang dibdib dahil sa narinig mula rito.

Was it true that he found her attractive? Darn, hindi siya dapat ma-flatter! The man was dangerous. Kahit pa sabihing asawa na niya ito.

“I am content.”

Nakakapika ang isinagot nito. “I am not an actress with emotions written down for me to enact. At gusto kong malaman mo na wala akong maramdaman kahit ano para sa pagsasamang ito.”

Alexander raised an eyebrow. “Not even fear?”

“There are stronger emotions than fear, Alexander,” she said icily. “There is hate.”

“Your indifference would please me far less, Maia. Let’s stop this banter and go to our room. I know you are tired after that long drive.”

Saka lang rumehistro kay Maia iyon. Bilang mag-asawa, expected na matutulog sila sa iisang kuwarto, sa iisang kama. Nang makalapit na sila sa punong baitang ng hagdanan ay muntik na siyang mapatili nang binuhat siya nito.

“Ibaba mo nga ako!” asik niya.

“Be quiet! Is it not the custom for a bride to be carried across the threshold of her new home? Hindi ko na nagawa kanina sa main door dahil sa bilis ng lakad mo.”

Hindi na siya nagsalita pa. Alam din niyang walang patutunguhan ang protesta niya. Noong araw na sinabi nitong gusto siyang pakasalan nito,

Forever Is Ours - Kizza Grace

napatunayan niya sa sarili that Alexander Santiago was one persistent man. Alam nito kung ano ang gusto nitong mangyari, at hindi ito titigil hangga't hindi nakukuha iyon, regardless of everything. At kailangan niyang tanggapin iyon dahil wala na siyang magagawa. She was his wife now. His possession.